# HANDBOOK NG KOMISYON SA PAG-APELA SA LISENSIYA NG LUNGSOD NG CHICAGO

**RICHARD J. DALEY CENTER**
**50 WEST WASHINGTON STREET**
**ROOM - CL 21**
**CHICAGO, ILLINOIS 60602**
**(312) 744-4095**
**www.cityofchicago.org/lac**

Ang Komisyon sa Pag-apela sa Lisensiya (License Appeal Commission) ay ang pangunahing forum ng apela para sa mga pagsuspinde, pagpapawalang-bisa, at multang ipinapataw ng Departamento ng Mga Usaping Pangnegosyo at Proteksyon ng Mamimili (Department of Business Affairs and Consumer Protection) laban sa isang taong may lisensiya sa alak. Dagdag pa rito, pinagpapasyahan ng LAC ang mga apela para sa mga tinanggihang application para sa lisensiya sa alak, tinanggihang mga pagbabago sa pamamahala/pagmamay-ari ng umiiral nang lisensiya sa alak, at pagtanggi sa mga pag-renew ng lisensiya sa alak na ibinigay ng Departamento ng Mga Usaping Pangnegosyo at Proteksyon ng Mamimili.

PAGHAHAIN NG MGA APELA SA MGA MULTA, PAGSUSPINDE O PAGPAPAWALANG-BISA

1. Dapat ihain ang apela sa desisyon ng Departamento ng Mga Usaping Pangnegosyo at Proteksyon ng Mamimili na nagmumulta, nagsususpinde o nagpapawalang-bisa ng lisensiya sa alak sa Komisyon sa Pag-apela sa Lisensiya sa loob ng DALAWAMPUNG (20)* araw mula sa petsa ng paglabas ng kautusan mula sa Departamento ng Mga Usaping Pangnegosyo at Proteksyon ng Mamimili na nagmumulta, nagsususpinde o nagpapawalang-bisa ng lisensiya sa alak. ANG PAGKABIGONG MAGHAIN NG APELA SA LOOB NG DALAWAMPUNG (20)* ARAW MULA SA PETSA NG KAUTUSAN AY MAGRERESULTA SA PAGKAWALA NG IYONG KAKAYAHANG IAPELA ANG DESISYON. (Mangyaring Tandaan: Sumusunod ang Komisyon sa Pag-apela sa Lisensiya sa iskedyul ng mga opisyal na holiday na ibinigay ng Departamento ng Batas ng Lungsod ng Chicago).

2. Upang iapela ang nalaman ng Departamento ng Mga Usaping Pangnegosyo at Proteksyon ng Mamimili, dapat maghain ang may lisensiya (licensee) ng mga partikular na dokumento sa Komisyon sa Pag-apela sa Lisensiya.

   A) Dapat maghain ang May lisensiya ng orihinal na kopya at isang papel na kopya (hard copy) ng Abiso sa Pag-apela kung elektroniko itong inihain, o tatlong papel na kopya kung inihain ito nang personal (tingnan ang Abiso sa Pag-apela sa ilalim ng Mga Dokumento sa aming website).

   B) Dapat ilakip ang isang kopya ng Kautusan sa Disposisyon (Order of Disposition) ng Departamento ng Mga Usaping Pangnegosyo at Proteksyon ng Mamimili kasama ang Mga Nalaman na Katotohanan (Findings of Fact), na nagmumulta, nagsususpinde o nagpapawalang-bisa ng lisensiya, sa orihinal na kopya at sa isang papel na kopya ng apela kung elektroniko itong inihain, o sa bawat isa sa tatlong papel na kopya ng apela.

   C) Dagdag pa rito, upang umapela, dapat magbayad ang May lisensiya ng $125.00 na fee para sa paghahain sa Departamento ng Pananalapi (Department of Finance). Maaari nang makuha ang form ng Invoice sa POS sa website ng aming departamento sa **www.cityofchicago.org/lac** I-download ang form at bayaran ang fee sa alinmang center para sa pagbabayad ng Lungsod ng Chicago. Dapat ipakita sa Komisyon sa Pag-apela sa Lisensiya ang isang resibong nagpapakita na nabayaran ang fee. WALANG TATANGGAPING APELA KUNG WALA ANG RESIBONG ITO. Isang elektronikong kopya o papel na kopya lamang ang kailangan.

   D) May notaryong Affidavit na nagsasabing na-order na ang mga transcript na iniulat ng hukuman mula sa mga paglilitis sa Departamento ng Mga Usaping Pangnegosyo at Proteksyon ng Mamimili. Isang elektronikong kopya o papel na kopya lamang ang kailangan.

3. Dapat ding isama ng May lisensiya ang anumang batas sa kaso (case law) o batas kung saan aasa ang May lisensiya sa pagpapaliwanag para maibaligtad ang desisyon ng Departamento ng Mga Usaping Pangnegosyo at Proteksyon ng Mamimili.

4. Kapag inihain na ang apela sa Komisyon sa Pag-apela sa Lisensiya, dapat maghain ang May lisensiya ng May Notaryong Affidavit na nagsasabing na-order

na ang mga transcript na iniulat ng hukuman mula sa mga paglilitis sa Departamento ng Mga Usaping Pangnegosyo at Proteksyon ng Mamimili. Dapat ihain ang affidavit sa Komisyon sa Pag-apela sa Lisensiya sa loob ng SAMPUNG (10)* araw. ANG PAGKABIGONG MAGHAIN NG AFFIDAVIT NA ITO AY MAGRERESULTA SA PAGPAPAWALANG-SAYSAY NG APELA.

5. Ang sinumang may lisensiya sa alak na umaapela sa kautusan sa pagpapawalang-bisa mula sa Departamento ng Mga Usaping Pangnegosyo at Proteksyon ng Mamimili ay inaatasan ng batas ng estado na magbayad at panatilihing napapanahon ang kanyang mga bayad sa pag-renew ng lisensiya sa alak habang nakabinbin ang apela. Ang sinumang maylisensiya sa alak na umaapela sa kautusan sa pagpapawalang-bisa sa Komisyon sa Pag-apela sa Lisensiya ay aatasang magpakita ng patunay na nabayaran ang lahat ng fee sa pag-renew ng lisensiya hanggang sa kasalukuyan. Dapat bayaran ng mga maylisensiya sa alak ang kanilang mga fee sa pag-renew sa Silid 107 ng Munisipyo ng Departamento ng Pananalapi ng Lungsod ng Chicago at kumuha ng resibo. Dapat isumite ang resibo ng binayarang fee para sa pag-renew ng lisensiya, pati na ang resibong nagpapakita ng pagbabayad ng fee para sa paghahain para sa bagong apela sa Komisyon sa Pag-apela sa Lisensiya bilang paunang kinakailangan (prerequisite) sa paghahain ng apela.

## PAGHAHAIN NG MGA APELA SA MGA KASO NG APLIKANTE

1. Dapat ihain ang isang apela sa pagtanggi sa application para sa lisensiya sa alak (kabilang ang alinman sa mga sumusunod: pagtanggi sa application para sa isang bagong lisensiya, pagbabago ng mga opisyal, pagbabago ng lokasyon, pagbabago ng pangasiwaan/pagmamay-ari, o pagtanggi sa pag-renew) sa Komisyon sa Pag-apela sa Lisensiya sa loob ng DALAWAMPUNG (20)* araw mula sa petsa ng sulat sa pagtanggi na ibinigay ng Departamento ng Mga Usaping Pangnegosyo at Proteksyon ng Mamimili. ANG PAGKABIGONG MAGHAIN NG APELA SA LOOB NG DALAWAMPUNG (20) ARAW MULA SA PETSA NG SULAT SA PAGTANGGI AY MAGRERESULTA SA PAGKAWALA NG IYONG KAKAYAHANG IAPELA ANG DESISYON. (Mangyaring Tandaan: Sumusunod ang Komisyon sa Pag-apela sa Lisensiya sa iskedyul ng mga opisyal na holiday na ibinigay ng Departamento ng Batas ng Lungsod ng Chicago).

2. Upang umapela sa pagtanggi ng Departamento ng Mga Usaping Pangnegosyo at Proteksyon ng Mamimili sa application para sa lisensiya sa alak, dapat maghain ang aplikante ng mga partikular na dokumento sa Komisyon sa Pag-apela sa Lisensiya. Mas mabuti ang mga elektronikong paghahain sa pamamagitan ng pagpapadala ng email sa Michelle.Guzman-Flores@cityofchicago.org. Kung hindi maaari ang pagpapadala ng email, mangyaring tumawag sa (312) 744-4095 para makapagsaayos ng anumang personal na paghahain. Makikita ang lahat ng form sa aming website sa **www.cityofchicago.org/lac**

3. Mangyaring ipadala ang lahat ng dokumentong nakalista sa ibaba (sa pdf na format) sa atensyon ni Michelle Guzman-Flores sa **Michelle.Guzman-Flores@cityofchicago.org**

A) **Abiso sa Pag-apela**. Makukuha ang form sa aming website. Ang orihinal na kopya at isang papel na kopya ng Abiso sa Pag-apela kung elektroniko itong ihahain, o tatlong papel na kopya kung personal itong ihahain.

B) Isang kopya ng **Sulat sa Pagtanggi** sa application para sa lisensiya sa alak na ibinigay ng Departamento ng Mga Usaping Pangnegosyo at Proteksyon ng Mamimili. Ang orihinal na kopya at isang papel na kopya ng Abiso sa Pag-apela kung elektroniko itong ihahain, o tatlong papel na kopya kung personal itong ihahain. Mangyaring tandaan na hindi namin mapoproseso ang iyong apela nang walang Sulat sa Pagtanggi.

C) **Form sa Pagharap**. Available ang form sa aming website. Isang elektronikong kopya o papel na kopya lamang ang kailangan.

D) Isang kopya ng **Resibo ng Fee para sa Paghahain** at para sa Mga Pag-renew, isang kopya ng **(Mga) Resibo** na nagpapakitang nabayaran ang lahat ng fee para sa pag-renew ng lisensiya hanggang sa kasalukuyan. Dapat magbayad ang Aplikante ng $125.00 na fee para sa paghahain sa Departamento ng Pananalapi. Mangyaring i-download ang **Invoice sa POS** mula sa aming website at magpatuloy sa pagbabayad sa alinmang Lokasyon ng Center sa Pagbabayad ng Lungsod ng Chicago. Para sa impormasyon tungkol sa Mga Lokasyon ng Center sa Pagbabayad, mangyaring bumisita sa Departamento ng Pananalapi sa www.cityofchicago.org/dof. Dapat isama ang **resibo** na nagpapakitang nabayaran ang $125.00 sa iyong Abiso sa Pag-apela. WALANG TATANGGAPING APELA KUNG WALA ANG (MGA) KINAKAILANGANG RESIBO. Isang elektronikong kopya o papel na kopya lamang ang kailangan.

3. Dapat ding isama ng Aplikante ang anumang batas sa kaso (case law) o batas kung saan aasa ang aplikante sa pagpapaliwanag para maibaligtad ang desisyon ng Departamento ng Mga Usaping Pangnegosyo at Proteksyon ng Mamimili. Mangyaring ihain ang naaangkop na bilang ng mga kopya ayon sa 3A sa itaas.

4. Mga kaso ng Pagtanggi sa Pag-renew - Ang sinumang maylisensiya sa alak na umaapela sa kautusan sa pagtanggi sa pag-renew mula sa Lokal na Komisyon sa Pagkontrol sa Alak ay inaatasan ng batas ng estado na magbayad at panatilihing napapanahon ang kanyang mga fee sa pag-renew ng lisensiya sa alak habang nakabinbin ang apela. Aatasan ang sinumang maylisensiya sa alak na umaapela sa kautusan sa pagtanggi sa pag-renew sa Komisyon sa Pag-apela sa Lisensiya na magpakita ng patunay na nabayaran ang lahat ng fee para sa pag-renew ng lisensiya hanggang sa kasalukuyan. Dapat bayaran ng mga may lisensiya sa alak ang kanilang mga fee sa pag-renew sa Silid 107 ng Munisipyo ng Departamento ng Pananalapi ng Lungsod ng Chicago at kumuha ng resibo. Dapat isumite ang resibo ng binayarang fee para sa pag-renew ng lisensiya, pati

na ang resibong nagpapakita ng pagbabayad ng fee sa paghahain para sa bagong apela sa Komisyon sa Pag-apela sa Lisensiya bilang paunang kinakailangan sa paghahain ng apela.

## ANG PROSESO

Sa paghahain ng apela, bibigyan ito ng numero ng kaso. Bibigyan ang apela ng unang petsa sa hukuman nito. Nagpupulong ang Komisyon sa Pag-apela sa Lisensiya ng 11:00 a.m. (o sa oras na itinalaga ng Komisyon sa Pag-apela sa Lisensiya) nang may humigit-kumulang na tatlong linggong pagitan sa silid ng hukumang LL 02 sa ibabang palapag ng Daley Center (50 W. Washington) para sa tinatawag na 'Pangkalahatang Pagtawag (General Call).' Sa paghahain ng apela, itatalaga ang kaso sa isa sa mga petsa ng 'Pangkalahatang Pagtawag.' Makikita ang mga petsa sa website ng LAC. May karapatan ang LAC na limitahan ang bilang ng mga tao sa silid ng hukuman para sa mga layuning pangkalusugan at pangkaligtasan. Bibigyang priyoridad ang mga legal na kinatawan at partidong pro se o sa ngalan ng sarili.

Sa Pangkalahatang Pagtawag, tatawagin ang mga kaso ayon sa numero ng kaso ng mga ito, kung saan unang tatawagin ang mga pinakalumang numero ng kaso. Dapat ay kinakatawan ang lahat ng korporasyon ng isang lisensiyadong abogado. Ang mga maylisensiyang walang lisensiya bilang entidad ng korporasyon ay maaaring kumatawan sa kanilang sarili sa harap ng Komisyon sa Pag-apela sa Lisensiya. Gayunpaman, lubos na inirerekomenda para sa sariling benepisyo ng umaapela na humiling ng legal na pagpapayo at representasyon. Palaging kinakatawan ng isang abogado para sa Lungsod, na tinatawag na Kawani sa Pagpapayo sa Korporasyon (Assistant Corporation Counsel), ang Departamento ng Mga Usaping Pangnegosyo at Proteksyon ng Mamimili sa aming mga pagdinig. Kung kinakatawan ang umaapelang partido ng abogado, hindi nila kailangang personal na humarap sa Pangkalahatang Pagtawag, pero palagi silang malugod na tinatanggap kung gusto nilang dumalo at magmasid. Gayunpaman, dapat humarap sa Pangkalahatang Pagtawag ang abogadong kumakatawan sa iyo.

Kapag tinawag ang kaso ng aplikante sa Pangkalahatang Pagtawag, maaaring humiling ng pagpapalitan ng mga legal na impormasyon o katunayan (mutual discovery) at itatakda ang iyong kaso para sa isang pagdinig ayon sa desisyon sa iyong apela na batay sa mga ipinakitang katunayan. Ang Mga Pagpapatuloy sa mga kaso ng Aplikante ay ipagkakaloob para sa mabuting layunin sa pagpapasiya ng Mga Komisyonado.

Para sa mga pag-apela sa Mga Multa, Pagsuspinde o Pagpapawalang-bisa, dapat elektronikong ihain ang transcript ng pagdinig sa Departamento ng Mga Usaping Pangnegosyo at Proteksyon ng Mamimili sa Komisyon sa Pag-apela sa Lisensiya nang nasa oras, kasama ang isang papel na kopya sa lalong madaling panahon pagkatapos noon. Kung maghahain sa personal, isang papel na kopya ang kinakailangan sa oras ng paghahain ng apela. Kapag inihain na ang apela sa Komisyon sa Pag-apela sa Lisensiya, dapat maghain ang May lisensiya ng May Notaryong Affidavit na nagsasabing na-order na ang mga transcript na iniulat ng hukuman mula sa mga paglilitis sa Departamento ng Mga Usaping Pangnegosyo at Proteksyon ng Mamimili. Dapat ihain ang affidavit sa Komisyon sa Pag-apela sa Lisensiya sa loob ng SAMPUNG (10)* araw. ANG PAGKABIGONG MAGHAIN NG AFFIDAVIT NA ITO AY MAGRERESULTA SA PAGPAPAWALANG-SAYSAY NG APELA. Dagdag pa rito, ang pagkabigong magbigay ng mga aktuwal na transcript nang nasa oras ay maaaring maging batayan para sa pagpapawalang-saysay ng isang apela. Ipagkakaloob ang mga pagpapatuloy para sa mabuting layunin sa pagpapasiya lamang ng Mga Komisyonado.

## MGA PAGDINIG

### Mga Kaso ng Multa, Pagsuspinde o Pagpapawalang-bisa

Sa mga pagdinig para sa mga pag-apela sa Multa, Pagsususpinde o Pagpapawalang-bisa, inihaharap ng mga partido ang mga argumento sa Komisyon sa Pag-apela sa Lisensiya nang ganap na batay sa mga transcript at tala sa ibaba at sa nauugnay na kodigo ng lungsod, batas o batas sa kaso. Ang partidong naghain ng apela ay ang Umaapela (Appellant) at ang partidong tumutugon sa apela ay ang Tumutugon (Appellee). Obligasyon ng Umaapela na patunayan ang kanyang paninindigan (burden of proof) at una siyang magpapaliwanag, na susundan ng Tumutugon at pagkatapos ay isang maikling pagtanggi (rebuttal) ng Umaapela. Pagkatapos ng argumento, isasaalang-alang ng tatlong Komisyonado na bumubuo sa Komisyon sa Pag-apela sa Lisensiya ang usapin. Pagkatapos ng deliberasyon, maglalabas ang Mga Komisyonado ng isang nakasulat na kautusang nagdedesisyon sa kaso, na ipapadala sa sulat sa mga partido ng apela.

### Mga Kaso ng Aplikante

Ang mga pagdinig para sa mga kaso ng aplikante ay itinuturing na ‘de novo’ o muling paglilitis. May karapatan ang parehong panig na tumawag ng mga saksi at magpakita ng ebidensiya para sa pagsasaalang-alang. Maaaring limitahan ng LAC ang dami at uri ng ebidensiya, bilang ng mga saksi, oras para sa paghaharap, na naaayon sa mga pangunahing ideya ng pagiging patas at sa loob ng pangkalahatang framework ng mga pangunahing tuntunin ng ebidensiya at batas sa kaso. Ang partidong naghain ng apela ay ang Umaapela (Appellant) at ang partidong tumutugon sa apela ay ang Tumutugon (Appellee). Obligasyon ng Tumutugon na patunayan ang kanyang paninindigan at una niyang ihaharap ang kanyang kaso na susundan ng umaapela. Pagkatapos maiharap ng parehong panig ang mga ebidensiya, pinahihintulutan ang argumento. Pagkatapos ng argumento, mas masusing isasaalang-alang ng tatlong Komisyonado ang kaso. Kasunod nito, ipapadala sa mail ang isang nakasulat na kautusang nagdedesisyon sa kaso sa mga partido ng apela.

## MGA MULING PAGDINIG, MGA APELA

Ang alinmang partido na nagnanais na magpatuloy sa kanilang apela matapos nilang matalo sa Komisyon sa Pag-apela sa Lisensiya ay dapat maghain ng Petisyon para sa Muling Pagdinig (Petition for Rehearing) sa Komisyon sa Pag-apela sa Lisensiya. Dapat ihain ang Petisyon para sa Muling Pagdinig sa loob ng DALAWAMPUNG (20)* ARAW mula sa petsa ng kautusan ng Komisyon sa Pag-apela sa Lisensiya. Muli, mas mabuti ang elektronikong paghahain sa pamamagitan ng pagpapadala ng email (magbigay ng isang papel na kopya kung hiniling ng LAC). Kung personal na maghahain, dapat magbigay ng orihinal na kopya at isang papel na kopya ng Petisyon. Dapat ding ipadala ang elektronikong paunawa at ang petisyon sa kinatawan ng kabilang partido (bilang alternatibo, maaari itong ipadala sa mail). Maglalabas ng nakasulat na desisyon na nagkakaloob ng o tinatanggihan ang muling pagdinig. Kung ipinagkaloob ang Petisyon para sa Muling Pagdinig, bibigyan ang mga partido ng bagong petsa ng pagdinig. Kung tinanggihan ang Petisyon, maaaring iapela ang kautusan ng Komisyon sa Pag-apela sa Lisensiya sa Circuit Court ng Cook County sa loob ng TATLUMPU’T LIMANG (35) araw at ayon sa mga tuntunin ng Circuit Court.

MOSYON SA PAGKANSELA (MOTION TO VACATE) NG KAUTUSAN SA PAGPAPAWALANG-SAYSAY NG APELA

Kung Napasawalang-saysay ang iyong apela at nais mong muling ibalik ang iyong apela, dapat mong gawin ang mga sumusunod:

1. Maghain ng mosyon na nagpapaliwanag kung bakit dapat kanselahin ang kautusan sa pagpapawalang-saysay ng apela. Dapat ihain ang mosyon sa loob ng TATLUMPUNG (30) araw ng kautusan na nagpapawalang-saysay sa apela.

2. Magpakita ng resibo mula sa Departamento ng Pananalapi ng Lungsod ng Chicago na nagpapakitang nabayaran na ang $50.00 na fee para sa paghahain. Makukuha ang form ng Invoice sa POS sa website ng aming departamento sa **www.cityofchicago.org/lac**
   I-download ang form at bayaran ang fee sa alinmang center ng pagbabayad ng Lungsod ng Chicago.

Maglalabas ng nakasulat na Kautusan na nagkakaloob ng o tinatanggihan ang Mosyon. Kung ipinagkaloob ang Mosyon, bibigyan ang mga partido ng bagong petsa ng pagdinig. Maaaring piliin ng isang partido na iapela ang kautusan ng LAC sa Circuit Court ng Cook County sa loob ng TATLUMPU'T LIMANG (35) araw at ayon sa mga tuntunin ng Circuit Court.

*Araw = araw sa kalendaryo. Kung papatak ng Sabado, Linggo o holiday ng Hukuman ang takdang petsa, ang magiging takdang petsa ay ang susunod na available na araw ng negosyo.

Kung ang alinmang partido ay mayroong karagdagang tanong na nauugnay sa Komisyon sa Pag-apela sa Lisensiya, mangyaring huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa aming tanggapan sa (312) 744-4095.